


Bakit nangyayari ang DV?

Ang katangian ng DV ay pangingibabaw sa at pag-kontrol ng mahinang tao



Siklo ng Lakas at Kontrol

Hindi personal na bagay tulad ng nagkataong away o alitan ng partikular na magpartner ang DV, kundi kilos ng pangingibabaw, ng paggawa ng kung anumang ninanais sa asawa o kasintahang babae sa konteksto ng relasyon ng lakas na “Ang lalaki ang amo, at babae ang alila” na umiiral sa lahat ng dako ng lipunan. Ipinapahiwatig ng larawan sa itaas ang sistemang ito. Oras na magsimulang umikot ang siklong ito, mula sa pangamba at nerbyos, takot at pakiramdam na walang lakas, unti-unting kikilos nang sinasauna ang pagnanais ng partner na gumagamit ng dahas.

At sanhi rin ng pagpapanatili ng marahas na kapaligiran ang pagpapahirap sa pinansyal na pagsasarili ng babae at sa pagdiborsyo dulot ng pamantayan at pag-iisip sa lipunang “Kailangan ng anak ang dalawang magulang,” “Ang babae sa tahanan,” “Ang lalaki sa trabaho.”

Epekto ng DV

Hindi lang direktang pinsala, may lumilitaw na sintomas sa katawan tulad ng *insomnia*, sakit ng ulo, malalang pagtibok ng puso, pagdudumi, sakit ng tiyan atbp. at nagiging trauma ito, at nagdudulot ng PTSD (Posttraumatic Stress Disorder).

At sigurado ring naapektuhan ang bata sa tahanan kung saan nagaganap ang DV. Nakikitaan ng sintomas ng ligalig ang batang nakasaksi ng DV tulad ng pag-iyak sa gabi, pag-ihi sa tulugan atbp. at sinasabing maging sa paglaki ng bata, malalim ang epekto nito tulad ng pagiging di-matatag ng puso (damdamin) at kahirapan sa pakikipag-ugnay sa ibang tao.

Dinagdagan at inayos mula sa larawang ginawa sa Domestic Abuse Intervention Project ng Duluth, Minnesota ang larawan sa itaas.

Huwag mamroblema nang nag-iisa. Magkonsulta...

【Konsultasyon ukol sa DV】

●Osaka Women's Counseling Center

Oras ng Tanggapan 9:00 am - 8:00 pm

* Liban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon

Telepono 06-6949-6022

06-6946-7890

Kinaroroonan 3F Dawn Center

1-3-49 Ōtemae, Chūō-ku, Osaka City

●Spousal Violence Counseling and Support Center(sa loob ng Ikeda Child and Family Center)

Oras ng Tanggapan 9:00 am - 5:45 pm

* Liban sa Sabado, Linggo, pista opisyal, katapusan at simula ng taon

Telepono 072-751-3012

Kinaroroonan 9-17 Masumi-chō, Ikeda City

Sa lungsod, nagsasagawa ng konsultasyon sa telepono at pakikipag-usap para sa mga babae. Maaaring gumaan ang loob kung may makikinig lang. Huwag isiping “Nakakahiya ang namomroblema sa ganitong bagay” at makipagkonsulta nang matiwasay ang kalooban.

●Konsultasyong pakikipag-usap para sa mga babae

Isasaayos ang iba't ibang balisa at problema sa pamumuhay, at tutulungan ka ng dalubhasang tagapayong babae upang makatuntong sa susunod na hakbang (kailangang magpareserba).

Araw at Oras: Tuwing Martes at Biyernes 1:00 pm - 4:00 pm

* Liban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon

Lugar Gender Equality Room

Bayad: Libre

Telepono para sa Pagpareserba: 072-724-6943

●Konsultasyon sa telepono para sa mga babae

Pakikilingan ng babaeng tagapayo ang iba't ibang suliraning hinaharap ng babae, ang balisa at problemang gusto ninyong sabihin upang mapag-isipan ninyo ito.

Araw at Oras: Tuwing Martes at Miyerkules 1:00 pm - 4:00 pm

*Maliban sa mga pista opisyal, katapusan at simula ng taon

Telepono: 072-723-3654 (para sa konsultasyon)

Human Rights Policy Office,

Human Rights and Culture Department ng Minoh City
(Gender Equality Room)

〒562-0015 1-14-5 Ina, Minoh City City Hall Annex Bldg 3

Telepono 072-724-6943

FAX 072-725-8360

E-mail danjyo@maple.city.minoh.lg.jp

<http://www.city.minoh.lg.jp/danjyo/index.html>


Inilathala Nobyembre, 2010, binago Abril, 2019



Domestic Violence

Karahasan sa Tahanan

Namumuhay ka ba
nang ligtas at
walang pangamba?



Alam mo ba ang domestic violence (pinaikli, DV)? Hindi isang uri ng “away ng mag-asawa,” tulad ng madalas sinasabi, ang DV at hindi rin ito problema lang ng mga taong sangkot. Unang hakbang upang malutas ang problema ng DV ang wastong pagkakaintindi ng bawat isa sa atin ng DV bilang problemang panlipunan.

Human Rights Policy Office,

Human Rights and Culture Department ng Minoh City
(Gender Equality Room)

DV ang tawag sa karahasang ginagamit ng asawa, kasintahan at iba pang may matalik na kaugnyan.

Hindi lang pisikal na karahasan ang DV

Kapag narinig na karahasan, madalas naiisip lang ang pisikal na karahasang nakakasakit sa katawan, ngunit sa katunayan masalimuot ang pagkakapulupot ng mental, pinansyal at seksuwal na karahasan at paulit-ulit itong nagaganap.

Pisikal na Karahasan

Panununtok, paninipa, malakas na pagtulak, pagkaladkad hila-hila ang buhok, pag-itsa ng bagay, paghiwa gamit ang kutsilyo, pananakal, pagtulak para mahulog sa hagdan, pagdiin ng nakasinding sigarilyo, pagbuhos ng mainit na tubig atbp.

Mental na Karahasan

Panlalait, pagmumura, pananakot, pagsigaw nang malakas, di pagpansin, pagsarhan ng pinto sa bahay, pagsira ng mahalagang bagay atbp.

Seksuwal na Karahasan

Pamimilit ng hindi ninanais na pagtatalik, hindi pagtulong sa contraception, pamimilit ng aborsyon, pagpapakita ng pornograpiya, pagtrato na parang gamit atbp.

Pinansyal na Karahasan

Hindi pagpapatrabaho, hindi pag-abot ng pangastos sa pamumuhay, mausisang pagtingin sa paggastos, patung-patong na utang atbp.

Panlipunang Karahasan

Paglimita sa pakikisama sa magulang, kapatid at kaibigan, pagmanman sa telepono at mail, lihim na pakikinig, pagbabantay sa kilos


Karahasang Ginagamit ang Anak

Paggamit ng dahas sa harap ng anak, panlalait tulad ng “Tanga, hindi ka nararapat maging magulang” sa harap ng anak, paglagay ng anak sa panganib (kasama ang pang-aabuso ng anak) atbp.

Bukod dito, ang pagsabi ng “Sino ba ang nagpapakain sa iyo!” “Babae ka lang,” at pagpasa ng kasalanan sa ibang tao “Tinulak lang nang kaunti” “Kahit saang pamilya mayroong ganito” “Gumagawa ka kasi ng bagay na ikagagalit ko,” may iba’t iba mula sa magaan hanggang sa mabigat, at kapag lumala, maaaring malagay sa panganib ang buhay.

Hindi lang lalaki sa babae ang DV, maaari rin itong gawin ng babae sa lalaki. At maaari rin itong mangyari sa pagitan ng mag-partner na lalaki o mag-partner na babae.

Ano ang siklo ng DV ?



Sinasabing may tatlong siklo sa DV, at kadalasan tulad ng nasa larawan, pagkatapos ng karahasan paulit-ulit ang paghingi ng tawad at nagbubuhos ng matinding pagtingin kaya't pati ang biktima sinisisi ang kanyang sarili, "Gumawa kasi ako ng ayaw niyang bagay" at iniisip na panandalian lang iyon. Pagkatapos, nananatili sa ganoong pamumuhay na umaasang "Ang mabait ang tunay niyang anyo" "Tiyak mula ngayon..." ngunit dahil kailangan ng may-sala ang pang-aabuso ng partner para mapatatag ang sarili, hindi ito nagtatagal at naiipon ulit ang sama ng loob at muling sisiklab ang damdamin dahil sa maliit na bagay. Sa pag-uulit ng siklong ito, lumalala ang antas at lumalalim ang karahasan at unti-unting mawawalan ng pagkakataon at lakas ng loob para tumakas.

Nangyayari ang DV sa iyong paligid

Kung ikaw ay biktima ng DV

Kung ang minahal at sinimulang samahang asawa, o ang nagsimula ang relasyon na kasintahan ay bigla ka na lang sinusuntok, sinisipa, tila araw-araw na minumura ng "Bobo, Tanga," marahil hindi makakapaniwala ang kahit sino pa sa nangyayari mismo sa kanyang harap. Ngunit kung ikaw ay biktima, makipagkonsulta lamang at huwag sarilihin at isiping "Basta magtiis lang ako..."

Maging pisikal na karahasan o mental/seksuwal na karahasan, ang gumagamit ng dahas ang masama. Walang mali sa iyo, sa ginagamitan ng dahas. Kailangan ng tapang upang magkonsulta sa ibang tao ukol sa karahasan sa loob ng tahanan ngunit napakahalagang karapatan mo ang humingi ng tulong para sa kaligtasan at kinabukasan mo at ng iyong mga anak.

Sa loob ng Osaka Prefecture, mayroong pasilidad para sa konsultasyon, shelter (pansamantalang matutuluyan sa oras ng mahigpit na pangangailangan) at pulis na makikinig sa iyong problema. Hindi naman mabigat ang pinsala kaya baka wala sa lugar ... Hinding-hindi ganoon. Maaaring makipag-ugnayan sa naaangkop na dalubhasang institusyon tungo sa paglutas ng iyong suliranin. Karahasan ang lahat ng gawaing bumabawi sa taglay mong likas na lakas, kaya't unahin sa lahat ang "sakit" na iyong nararamdaman.



Kung maging biktima ang taong malapit sa iyo

Una, pakinggan nang mabuti ang sinasabi ng taong nagdurusa sa DV at paniwalaan siya. Pagkatapos, sabihing "Hindi ikaw ang masama." Hindi na nga nakatutulong ang salita at panindigang "Kailangang pakinggan rin ang paliwanag ng kabila," o "Kailangang tiisin ang kaunting bagay," lalo pa nitong nasasaktan ang biktima at maaaring masayang lang ang nasimulang sabihin at matigil ang konsultasyon.

Sa Japan, umiiral hanggang ngayon ang kaisipang "Kahihiyan ng pamilya ang pagkuwento sa ibang tao ng mga problema sa loob ng tahanan," kaya't kahit may tanda ng karahasan sa katawan ng biktima, kapag ipinaliwanag na "Nahulog ako sa bisikleta," itinuturing na bastos kung mag-usisa pa ang tao sa paligid ukol dito.

Subalit, saan pa mang relasyon, hindi maaaring patawarin ang karahasan. Hindi natin malalaman kung gaano na lamang nakakapagpalakas ng loob ang pagpapasiglang mula sa puso at pagbigay ng maraming impormasyong mapapakinabangan. At kung emergency, huwag subukan ang sariling paglutas, kundi magkonsulta sa institusyon para sa konsultasyon o sa pulis.

Sa inyong gumagamit ng dahas

"Dapat ang lalaki ang kumikita at nagpapakain sa asawa at anak" "Dapat hindi maghimutok ang lalaki" Hindi ka ba nagagapos sa ganitong mga "dapat" at nawawaglit ang iyong sarili? Hindi mo ba nilalabas ang pagkayamot at galit sa pamamagitan ng dahas o kapangyarihang pinansyal sa iyong asawa at anak na mas mahina sa iyo kapag napagod sa trabaho o hindi maayos ang takbo ng mga bagay-bagay? Hindi mo ba itinatangi ang katotohanan o pinapasa ang kasalanang gumamit ka ng dahas dahil gusto mong masunod ang nais mo? Ang asawa mo ay ibang tao sa iyo, at hindi mo ari-arian. Mahalagang partner mo siya. Kumalas mula sa pagkagapos sa "dapat," tingnang muli ang pamumuhay na pinipilit ang "dapat" sa partner at iparating ang iyong damdamin sa pamamagitan ng salita. Walang malilikha mula sa karahasan at takot.

Alam mo ba ang Batas para sa pagpigil ng DV?

Noong Abril 6, 2001, naipasa at napagpatibay ang Batas hinggil sa pagpigil ng karahasan mula sa asawa at proteksyon ng biktima (Batas para sa pagpigil ng DV) at ipinatupad ito pagkalipas ng kalahating taon. (Ipinahayag Abril 13, 2001, ipinatupad Oktubre 13. Ipinatupad noong Abril 1, 2002 ang artikulo hinggil ng sentro para sa konsultasyon at suporta ukol sa karahasan ng asawa atbp.)

Noong Disyembre ng 2004, sabay ng pagpapalawak ng sakop sa utos ng pagprotekta hanggang sa dating asawa, napagpatibay at ipinatupad din ang pangrebisang batas na haligi ang pagtatag ng sistema ng utos na nagbabawal sa paglapit sa anak ng biktima at pagpapahaba ng panahon ng utos ng pagpapaalis sa tahanan sa 2 buwan (Ipinatupad ang pangrebisang batas noong Disyembre 2, 2004).

Noong Enero ng 2008 nagsagawa ng ikalawang pagrebisa at maaari nang humiling ng utos ng pagprotekta kahit sa pananakot, at maaari nang maglabas ng utos na nagbabawal ng pagtawag at pag-text o mail sa biktima at utos na nagbabawal ng paglapit sa kamag-anak atbp. ng biktima. At napagpatibay at naipatupad din ang pangrebisang batas na naglalaman ng pagrebisa ukol sa obligasyong magsikap sa pagtatakda ng pangunahing programa sa lungsod, bayan o nayon at sa sentro para sa konsultasyon at suporta ukol sa karahasan ng asawa, paunawa ukol sa paglabas ng utos ng pagprotekta sa sentro ng suporta mula sa hukuman. (Ipinatupad noong Enero 11, 2008).

Noong Enero 2014 (Heisei 26), pagkatapos ng kinakailangang pagbabago, iniuukol na rin ang batas na ito tungkol sa karahasan mula sa taong karelasyon na kasama sa bahay (Liban kung hindi namumuhay nang magkasama na katulad ng pagsasama ng mag-asawa.) at sa biktima nito. Pinagtibay ang binagong batas na nagpapalawak ng taong nasasakop sa batas na ito, ipinatupad (pagpapatupad Enero 3, 2014 (Heisei 26)) at binago ang pangalan ng batas sa “Batas hinggil sa Karahasan mula sa Asawa at Pangangalaga atbp. sa Biktima nito.”

Sino ang makakagamit nito?

Tinutukoy sa batas na ito ang (1) asawa, (2) taong nasa kalagayang tulad na rin ng tunay na kasal, (3) taong patuloy pa ring dumaranas ng pisikal na karahasan mula sa dating asawa maging pagkatapos magdiborsyo, (4) taong dumaranas ng karahasan mula sa kasintahang kasamang namumuhay (maliban doon sa hindi magkasama ang tirahan na parang tunay na mag-asawa).

Sentro para sa Konsultasyon at Suporta ukol sa Karahasan ng Asawa

Wala pang pampublikong institusyong nakatutok sa DV noon, ngunit mula Abril ng 2002, nagsisilbing sentro para sa konsultasyon at suporta ukol sa karahasan ng asawa ang Osaka Prefecture Women’s Consultation Center at Osaka Prefecture Children and Family Center.

Hindi lamang ukol sa pisikal na karahasan, nagsasagawa dito ng iba’t ibang konsultasyon ukol sa DV. Nagsasagawa rin ng pagmumungkahi ng iba’t ibang institusyon, suportang medikal at mental, pagbibigay ng impormasyon at pagtulong ukol sa pansamantalang proteksyon at pinansyal na pagsasarili, paggamit ng sistema ng utos ng pagprotekta, paggamit ng pasilidad tulad ng shelter atbp.

Kapag nakakita ng taong dumaranas ng Karahasan

Nakatakdang kailangang magsikap na iulat sa pulis at sentro para sa konsultasyon at suporta ukol sa karahasan ng asawa ang taong nakakita ng karahasan. Maaaring iulat nang ginagalang ang doktor at taong may kinalaman sa paggamot na may obligasyong pangalagaan ang pagkalihim kaugnay ng kanilang trabaho at ang kalooban ng mismong tao. Kailangan ding magsikap sa pagbibigay ng impormasyon ng sentro atbp. sa biktima. Kinakailangang unahin sa lahat ang pagtiyak ng kaligtasan ng biktima.

Krimen ang DV!

Ukol sa utos ng pagprotekta

Maaaring direktang humiling ang biktima

ng utos ng pagprotekta sa regional court.

(Kung may panganib na dumanas ng malubhang pinsala sa buhay o katawan dahil sa higit pang karahasang pisikal)

May 5 utos sa utos ng pagprotekta. Ito ang sumusunod.

- (1) Pagbabawal ng pagsunod-sunod sa biktima at paglilibot sa paligid ng kinaroroonan ng biktima sa loob ng 6 buwan [Utos ng Pagbabawal ng Paglapit]
- (2) Pagbabawal ng 8 gawain sa biktima sa loob ng panahon ng utos ng pagbabawal ng paglapit [Utos ng Pagbabawal ng Pagtawag sa Telepono atbp.]
- (3) Pagbabawal ng pagsunod-sunod sa anak na nakatira kasama ng biktima sa loob ng panahon ng utos ng pagbabawal ng paglapit sa biktima [Utos ng Pagbabawal ng Paglapit sa Anak ng Biktima]
- (4) Pagbabawal ng pagsunod-sunod sa kamag-anak atbp. ng biktima sa loob ng panahon ng utos ng pagbabawal ng paglapit sa biktima [Utos ng Pagbabawal ng Paglapit sa Kamag-anak atbp. ng Biktima]
- (5) Pagpapaalis sa bahay na magkasamang tinitirahan ng may-sala at biktima sa loob ng 2 buwan [Utos ng Pagpapaalis]

Kapag lumabag sa utos ng pagprotektang ito, papatawan ng pagkakulong ng hindi bababa sa 1 taon o parusang kabayaranang hindi hihigit ng 1 milyong yen.

Kailangan ang kasulatang (1) – (3) sa paghiling ng utos ng pagprotekta.

- (1) Kalagayan ng pagdanas ng pisikal na karahasan o pananakot sa buhay atbp.
 - (2) Pangunahing kadahilanan ng panganib na dumanas ng malubhang pinsala sa buhay o katawan
 - (3) Pangyayaring kinonsulta sa sentro para sa konsultasyon at suporta ukol sa karahasan ng asawa, sa pulis atbp., pangalan ng institusyong kinonsultahan, araw at oras at tagal ng panahon ng pagkokonsulta, bagay na kinonsulta, aksyong ginawa ukol sa konsultasyon atbp.
- ※ Kung hindi nagkonsulta sa DV center o pulis, kailangang maglakip ng kasulatan ng sinumpaang salaysay na naglalaman ng takdang mga bagay tulad ng kalagayan ng pagdanas ng karahasan atbp.